Tunay na ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nagbabawal sa laman ng Asnong maamo,at ipinahintulot niya ang laman ng kabayo

Ayon kay Jābir bin `Abdullāh, malugod si Allah sa kanilang dalawa.:((Tunay na ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nagbabawal sa laman ng Asnong maamo,at ipinahintulot niya ang laman ng kabayo))At sa kay Imam Muslim,nag-iisa siya.Nagsabi siya:((Kinain namin sa panahon ng Khaybar ang kabayo at Asnong lugaw,At ipinagbawal ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang Asnong maamo)),Ayon kay `Abdullah bin Abe Awfa-malugod si Allah sa kanya-Nagsabi siya:((Tumama sa amin ang pagkagutom sa gabi ng Khaybar,at nang sumapit ang araw ng Khaybar,kinuha namin ang Asnong maamo at kinatay namin ito.at nang kumulo ito sa kaldero,Tumawag ang mananawag ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at panagalagaan-na Baliktarin ang kaldero,At marahil ay nagsabi siya:Huwag kayong kumain mula sa laman ng Asno kahit kaunti)) Ayon kay Abe Tha`labah-malugod si Allah sa kanya-Nagsabi siya:Ipinagbawal ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at panagalagaan-ang laman ng Asnong maamo))

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim - Napagkaisahan ang katumpakan]

Ipinapaalam ni Jābir bin `Abdullāh, malugod si Allah sa kanilang dalawa.-Na ang Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nagbawal sa laman ng Asnong maamo,ibig sabihin ay ipinagbawal niya ang pagkain nito,At pumayag siya at nagpahintulot sa laman ng Kabayo at Asnong ligaw,At ipinapaalam ni `Abdullah bin Abe Awfa-malugod si Allah sa kanilang dalawa-Na nangyari sa kanila ang pagkagutom sa mga gabi ng pangyayari sa Khaybar,at nang ito ay naitagumpay,kinnatay nila ang mga Asno rito,at kinuha nila ang mga laman nito at niluto nila,At nang maluto nila ito,Nag-utos sa kanila ng Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na baliktarin ang mga kaldero ibig sabihin ay ibaling ito at hindi kainin ang laman na ito.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/3003